REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO
**OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIAN**
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

**HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-20 NG AGOSTO 2001 DITO SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Konsehal |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Cesar P. Lantin | - | -do- |
| Kgg. Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | -do- |
| Kgg. Benhur S. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. German S. Acosta | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Jimuel T. Cabagay | - | Pangulo, Ped. ng SK |

**HINDI NAKADALO:**

WALA

x-------------------------------------------------------------------------------------------------x

***KAPASYAHAN BLG. 01-08-131***

***HUMIHILING SA SANGGUNIANG PANLALAWIGAN NA MAGKAROON NG DALAWANG DAANG LIBONG PISO (P200,000.00) BILANG SAPING PUHUNAN UPANG MAITULOY AT MAIPATAPOS ANG TULAY NG ILOG KABURAYAN SA BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO***

"***SAPAGKAT,*** matagal na ring nabibinbin ang konstraksyon ng tulay ng Ilog Kaburayan na nagdudugtong sa Poblacion at Sityo ng Tabok;

"***SAPAGKAT,*** sa matagal na nasabing pagkakabinbin, ang natalo ay ang Bayan at ang mga mamamayan nito sa kabila ng marami ng pera ng Kabang Bayan ang nagasta at marami na ring buhay ang nalagas dahilan sa kawalan ng tulay at ang hindi mabilang na hirap ng mga ordinaryong nagtitinda at mga estudyante dahilan lamang sa mabagal na pagpapatupad ng nasabing proyekto;

"***SAPAGKAT,*** ang Pamahalaang Bayan ay may kahandaan na maglaan ng hinihinging saping-puhunan para sa pagpapatapos ng nasabing proyekto, subalit sa kakulangang pinansyal ay humihiling ito ng ayuda mula sa Panlalawigang Pamahalaan; **kung kaya't dahil dito**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA,** Na: Hilingin sa Sangguniang Panlalawigan na magkaroon ng Dalawang Daang Libong Piso (P 200,000.00) bilang saping-puhunan upang maituloy at maipatapos ang tulay ng Ilog Kaburayan sa Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro;

CamScanner

*SA MUNGKAHI* ni Konsehal German S. Acosta na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay . . .

*PINAGTIBAY"* Agosto 20, 2001, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

| | |
|---|---|
| *TERESITA S. BANTUGAN*<br>Konsehal | *EDUARDO C. ACERON*<br>Konsehal |
| *CESAR P. LANTIN*<br>Konsehal | *EFREN S. ACOSTA*<br>Konsehal |
| *SALVADOR A. MAGALAY*<br>Konsehal | *BENHUR S. CABAGAY*<br>Konsehal |
| *ROSALINDA M. CABAGAY*<br>Konsehal | *SENEN C. FAMILARA*<br>Konsehal |
| *GERMAN S. ACOSTA*<br>Pangulo, Liga ng mga Brgy. | *JIMUEL T. CABAGAY*<br>Pangulo, Ped. ng SK |

*NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:*

*LUDOVICO C. SILANG*
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

*SINAKSIHAN:*

*SIXTO O. BARRIENTOS*
Kalihim ng Sanggunian

*PINAGTIBAY:*

*GEMMA G. SALAS*
Punong Bayan
Date Signed: 9/2/2001

**010919**
***Word.Res.jpc/***